



Mayo 14, 2020

Mahal naming mga magulang/tagapag-alaga at mga estudyante:

Re: Recording of Teams Session

Sa ngalan ng Distrito ng Paaralan, umaasa kami na ang mga mag-aaral at mga pamilya ay nagkaroon ng madaling transisyon sa online na pag-aaral. Kung kayo ay nakararanas ng anumang mga hamon, hinihikayat namin na idulog ninyo ito sa prinsipal ng iyong paaralan.

Sa inyong kaalaman, ang Distrito ng Paaralan ay nagrerekord ng pagtuturo sa silid-aralan. Ang ilang estudyante ay lumalahok din sa one-to-one support sessions na nakarekord rin. Para sa mga estudyanteng gustong i-review ang napag-usapan sa mga online classes or sa mga one-to-one sessions, ang mga recordings ay makukuha sa pamamagitan ng ligtas na weblink. Natuklasan namin na lubhang mahalaga ang mga ito lalo na sa mga estudyanteng hindi makadalo sa live broadcast ng klase at nakakapagbigay ng pagkakataon sa mga estudyante na i-review ang mga aralin at tagubilin.

Aming kinikilala na ang ilang magulang ay may mga agam-agam tungkol sa privacy ng mga estudyante na lumalahok sa aspetong ito ng online Learning program. Likas na may kahalang risks ang paglagay ng anumang impormasyon sa Internet, at dahil dito mahalagang sundin ng mga estudyante ang mga tagubiling ibinigay ng mga guro tungkol sa pagpapanatili ng confidentiality ng mga link at password ng kumperensya.

Hindi sapilitan na ang mga estudyante ay sumali o mag-ambag sa nakatalang mga talakayan na nagaganap sa klase. Para sa mga may privacy concerns, ang iyong mga opsyon ay ang makinig sa live session, pero huwag i-activate ang camera at/o mikropono sa kanilang mga aparato, o dika sumali na lamang sa pamamagitan ng panonood ng mga recorded na sesyon. Ang mga pamilya/estudyante na ayaw sumali o lumabas sa mga recording ay maaaring makipag-ugnayan sa kanilang guro sa pamamagitan ng paggamit ng chat sa video conference o sa pag-email ng mga tanong o komentaryo sa kanilang mga guro. Sa may gusto ng one-to-one session pero di gusto ng recorded video conference, pwede din na makipagugnayan na lamang sa pamamagitan ng tawag sa telepono.

Para sa privacy reasons, ang mga weblinks para sa mga recording ng silid-aralan ay hindi available sa publiko, at ang mga estudyanteng gustong maakses ay kailangang sundin ang mga tagubiling ibinigay ng kanilang paaralan. Lahat ng mga recording ay kinokolekta sa ilalim ng awtoridad ng Freedom of Information and Protection of Privacy Act and the School Act, at ito ay wawasakin sa katapusan ng taong pangeskwela.

Kung mayroon kayong mga tanong o problema, mangyaring huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa iyong School Principal.

Taos-puso

Gord Stewart

Superintendente ng Paaralan